Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-23 NG AGOSTO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO .................................. | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. .............................. | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar .............................. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez .............................. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison .............................. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon .............................. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas .............................. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca .............................. | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan .................. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco .............................. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor .............................. | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 295-T'2000*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGSUSUSOG SA ARTIKULO IV, SEKSYON 7, a.1 AT PAGPAPAWALANG BISA SA a.3 (1-4) NG KAPASIYAHAN BLG. 110-T'99/ KAUTUSANG BAYAN BLG. 11-T'99 TUNGKOL SA KASUOTAN NG MGA DRIVER NG SASAKYANG JEEPNEY PARA SA PAGPAPATUPAD NG ODD-EVEN SCHEME..*

*SAPAGKA'T* may kahilingan ang mga kasapi ng Samahang Nagkakaisang Opereytor at Drayber sa Ikatlo at Ikaapat na Distrito ng Laguna na mapalitan ang kanilang unipormeng tsaleko na ginagamit sa pamamasada ng kanilang mga sasakyang dyipni base sa pagsunod sa Kautusan Blg. 11-T'99;

*SAPAGKA'T*, ang nasabing kahilingan ay bunsod ng kanilang layunin na makapamasada nang maayos at makaiwas sa pagkatuyo ng pawis na dulot ng pagsusuot ng tsaleko;

*SAPAGKA'T*, ang kanilang kahilingan ay pagsusuot na lamang ng puting t-shirt sa halip na paglalagay ng tsaleko para sa maginhawang pagkilos at pangangalaga ng kanilang pangangatawan;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Jeffrey A. Villaseñor at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang sumusunod na:

*KAUTUSANG BAYAN BLG. 24-T'2000*

*KAUTUSANG SUMUSUSOG SA ART. IV, SEKSYON 7 a.1 AT NAGPAPAWALANG-BISA SA a.3 (1 – 4) NG KAPASIYAHAN BLG. 110-T'99/KAUTUSANG BAYAN BLG. 11-T'99 TUNGKOL SA KASUOTAN NG MGA DRAYBER NG SASAKYANG DYIPNI PARA SA PAGPAPATUPAD NG ODD-EVEN SCHEME.*

*IPINAG-UUTOS* ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

SEKSYON 1 – *Susugan ang Art. IV, Seksyon 7, a.1 at ipawalang-bisa ang a.3 (1- 4) ng Kapasiyahan Blg. 110-T'99/Kautusan Bayan Blg. 11-T'99 hinggil sa kasuotan ng mga drayber ng sasakyang dyipni, na sa halip na:*

SEKSYON 7

a.1 Lahat ng mga drayber ng pampublikong sasakyang dyipni ay inaatasang magsuot ng tsaleko bilang uniporme na ang kulay ay naaayon sa ruta ng kaniyang sasakyan, may pangalan niya sa harapan nito at pangalan naman ng samahang pansasakyang kanyang kinaaaniban sa likod nito;

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 295-T'2000)

*SEKSYON 7*

a.1 Lahat ng mga drayber ng sasakyang dyipni ay inaatasang magsuot ng puting T-shirt na may logo ng kani-kanilang samahan bilang uniporme sa kanilang pamamasada.

Gayundin ay ipawalang bisa ang :

a. 3.1 Kulay Puting Tsaleko para sa mga bumibiyahe na ang ruta ay Pila, Victoria, Calauan, San Pablo at Calamba.

a.3.2 Kulay Navy Blue na tsaleko para sa ga bumibiyahe na ang ruta ay Siniloan, Paete, Lumban at Pagsanjan.

a. 3.3 Kulay Pulang Tsaleko para sa mga binibiyahe na ang ruta ay Calumpang, Nagcarlan, Majayjay, Liliw at Magdalena.

a. 3.4 Kulay Dilaw na Tsaleko para sa mga bumibiyahe na ang ruta ay Lucban, Luisiana at Cavinti.

*SESKYON 2* – Ang anumang bahagi ng kautusang bayan na sumisinsay sa kautusang ito ay pinawawalang-bisa.

*SEKSYON 3* – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay,

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Hukom, Pambayang Ingat-yaman,. Kagawaran ng Pulisya, Pambayang Manananggol at lahat ng samahan ng pampublikong dyip, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang,

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

/ JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad

ARIEL T. MAGCALAS
Kagawad

FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad

EDGARDO T. PORCA
Kagawad

RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

JAIME ALEXANDER T. CALUPITAN
Kagawad

BERNARDO E. ISON
Kagawad

ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

LOUIE C. DE LEON
Kagawad

JEFFREY A. VILLASEÑOR
Kagawad

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan